

***** **PETISYON** *****

***PARA SA PAG-IISYU NG ISANG MORATORYUM SA
PAGPAPALAWAK NG PLANTASYON NG OIL PALM SA PALAWAN***

Mga miyembro ng katutubong komunidad sa lalawigan ng Palawan, mga magsasaka, mga samahan at mga naninirahan dito ay nagpetisyon sa **Sangguniang Panlalawigan** at sa **Gobernador ng Palawan** na mag-isyu ng moratorium laban sa pagpapalawak ng taniman ng oil palm sa lalawigan.

Mga Panguhahing may hain ng Petisyon:

MGA MIYEMBRO AT KINATAWAN NG MGA TUNAY NA LIDER-KATUTUBO AT KUMONIDAD NG MGA MAGSASAKA SA MGA BAYAN SA TIMOG PALAWAN NA PINUNTIRYA NG PAGPAPAUNLAD NG OIL PALM;

MGA KINATAWAN NG MGA KATUTUBO SA MGA SANGGUNIANG PAMBAYAN AT MGA PAMBARANGAY (IPMRs)

ANG TAGAPAMUNO, MAY-ARI AT MIYEMBRO NG KOOPERATIBA NG OIL PALM;

SAMAHAN NG MGA KATUTUBO O PEDERASYON, SAMAHAN NG MGA TAO, AT DI-PAMPAMAHALAANG AHENSIYA;

**KAMING MGA NAKALAGDA SA ILALIM NG DOKUMENTONG ITO AY
NANANAWAGAN SA SANGGUNIANG PANLALAWIGAN, SA
GOBERNADOR NG PALAWAN, SA PANGULO NG PILIPINAS AT SA DENR
SECRETARY NA IKONSIDERA ANG MGA SUMUSUNOD:**

Noong taong 1990, ang buong lalawigan ay idineklara ng UNESCO bilang isang “Man and Biosphere Reserve”, dahil sa kakaiba nitong katangian sa pagkaroon ng samu’t-saring buhay ilang, at pinanahanan ng walong (8) protektadong lugar bukod sa idineklara itong “Game Refuge and Bird Sanctuary” noong 1967 at “Mangrove Reserve” buhat noong taong 1981.

Ang kalakhang isla ng Palawan ay tahanan ng may tatlong pangunahing tribu na mga Pala’wan, Tagbanua at Batak kung saan ang kalakhang bahagi nito ay kanilang lupaing ninuno.

Batay sa malayang pag-uulat na nabuo, umano ang huling naiwang gubat sa kapatagan ng timog Palawan (primary and secondary) ay pinutol at nilinis upang payagang makapasok ang taniman ng oil palm; [Tignan ang CALG geotagged report part II at mga larawang ebidensiya ng pagkombert ng gubat para gawing plantasyon ng oil palm sa Bgy. Sandoval (Municipality of Bataraza) and Bgy. Berong (Bayan ng Quezon)]. Tignan ang CALG Sarong Geotagged Report.

Dahil sa plantasyon ng oil palm na ito ay nangawala ang mga katutubong halaman at hayop sa lugar na sinakop, kaya't maituturing na ito ang direktang responsible sa malawakang pagkawala ng mga buhay ilang.

Natiyak na ngayon na ang gubat ay kinalbo upang palawakin ang oil palm ng mga kompanya gaya ng Agumil Philippines, Inc, ang Palawan Palm and Vegetable Oil Mills Inc (PPVOMI), San Andres, at iba pa ay nagawa kahit walang kaukulang pahintulot mula sa DENR at ito ay maliwanag na paglabag sa EO 23 ng mga seksiyon 68 and 69 ng Presidential Decree (PD) 705, at ng iba pang mga umiiral na batas pangkapaligiran.

Salig sa iba't-ibang malalimang pag-iinspeksiyon, nakuro ng CENRO-Quezon na ang plantasyon ng oil palm ay sumaklaw sa lupang (Alienable and Disposable Land (94.2930 ha) at Timberland (185.2398 ha) sa Bayan ng Quezon at Rizal. (Tignan ang kasamang ulat); Ang Agumil Philippines Inc a kapatid na kompanya nito PPVOMI ay walang mga 'tree cutting permits' mula sa DENR at PENRO-Palawan. Bunga nito ay isang kasong kriminal ang isinampa ng CENRO-Quezon laban sa Agumil Philippines Inc, (tignan ang kasamang sipi).

Sa kurso naman ng pagbisita sa lugar at pagtatasang teknikal, nabuo ng CENRO-Brookes Point na ang plantasyon ng oil palm sa Bataraza ay patuloy ang paglilinis at pagputol ng mga malalaking kahoy kahit walang kauulang permiso mula sa DENR. Ang eryang nilinis at tinumbahan ng malalaking mga puno diumano ay gawa ng Agumil Philippines, Inc na may kabuuang 19,21 ektarya sa loob ng Alenable and Disposable Land at 2,69 ektarya sa timberland. Gayundin, ang erya diumano na nilinis San Andres farmers' cooperatives binubuo ng 9,18 ektarya sa loob ng Alienable and Disposable Land (tignan ang kasamang ulat).

Ang unang Multipartite Monitoring Team (MMT) ay dinala sa Munisipyo ng Quezon noong ika-14 ng Nobyembre 2013, ilan sa mga napag-alaman na ang MMT ay nakapagdokumento ng malawakang pagsira ng kagubatan at pag-alis ng magandang yabong nito sa tabi ng ilog ng Ljambungan ng Bgy. Berong, diumano ay kagagawan ng Agumil Philippines Inc. (tignan ang mga larawan at ulat).

Naidokumento rin ng MMT ang illegal na pagbubukas ng kalsada sa tabi ng nasabing ilog at diumano ay gawa rin ng nasabing kompanya, na nagdulot ng matinding pagguho ng lupa at nakasira ng tabing ilog. (tignan ang kuhang larawan). Sa mga natuklasan ay nagbabadya na ang Agumil Philippines Inc at PPVOMI ay lumabag sa DENR EO 23 sa mga barangay ng Tagusao at Berong.

Ang plantasyon ng oil palm na labas ng otorisadong erya na nabigyan ng ECC (ECC-R4B-0807-17B-3909 naibigay sa PPVOMI noong Septyembre 26, 2008) sa Quezon ay kinumpirma ni Roselyn Julian (Kinatawan ng Agumil Philippines Inc.) sa kurso ng MMT misyon. Natuklasan din ng Misyon ang ebidensiya na ang Agumil ay pinalawak ang erya ng lupaing ninuno ng mga Tagbanua ng Berong nang walang pormal na ebidensiya at walang nauuna at malayang pagsang-ayong ang (FPIC) mula sa kumunidad, wala ding Certificate of Precondition (CP) na ibinigay ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa Agumil Philippines, Inc, dahil ito ay hinihingi ng Indigenous Peoples Rights Act (R.A. 8371);

Ang tanggapang probinsiyal ng NCIP ay siniguro na ang plantasyon ng oil palm ay sumakop sa mga lupaing ninuno ng mga Tagbanua at Pala'wan sa may di-bababang 16 na barangay sa may limang munisipyo (tignan ang kasamang sulat).

Sinasabi ng mga miyembro ng katutubong kumonidad na may direktang relasyon ang pagpapalawak ng oil palm sa pagkawala ng kanilang gana at sa pagkasira ng kanilang kinukunan ng pangkabuhayan. Naniniwala pa rin ang mga katutubong komunidad na ang taniman ng oil palm ang siyang responsable sa kagyat na pag-kaunti ng bilang ng mga katutubong halamang gamot na siya nilang ginagamit panlunas sa kanilang mga karamdaman gayundin naman ang pagbaba ng mga di-pangkakahuyang produktong gubat, mga ilang na hayop at mga isdang –tabang at iba pang yamang-tubig kung saan ay siya lamang inaasahang kinukunan ng pangkabuhayan (tignan ang ulat ng CALG revised Report).

Maliban sa nakuhang SEP clearance ang PPVOMI para sa kanyang bahay-punlaan at erya para gilingan (13 ektarya) ay wala ng ibang SEP clearance na naisyu para sa libong ektarya na gagawing taniman ng oil palm (7,000 ektarya sa ngayon).

Ang bisa ng SEP clearance na ito (at walang ibang SEP clearances) ay kinumpirma sa pamamagitan ng isang sulat ng PCSD sa ALDAW na may petsang 27 August 2013 (tignan ang kasamang sulat at kopya ng SEP clearance) sa ALDAW/NATRIPAL sulat kahilingan na may petsang 22 August 2013 (see attached letter). Ang pagpaunlad at pagpapalawak ng plantasyon ng oil palm nang walang kaukulang SEP clearance ay malinaw ding paglabag sa mga probisyon ng Strategic Environmental Plan (R.A. 7611);

Sa pagitan ng ika 20-25 ng Nobyembre 2013, sa kurso ng pagtatasa sa lugar, ang Palawan Council for Sustainable Development (PCSD) ay nakatiyak na sa sariling ang mga reklamong ihinain ng mga miyembro ng oil palm ay umipekto sa mga munisipyo, batay ito sa mga konsultasyong isinagawa ng ALDAW, kung saan ibinase sa panayam sa 20 katao mula sa 6 na apektadong munisipyo sa Timog Palawan;

Ang mga opisyal at mga kasapi ng kooperatiba na pumasok at nakipagkasundo sa Agumil Philippines Inc., ay maanghang na nagreklamo na ilang seksiyong napirmahan sa Production Technical Marketing Agreement (PTMA) ay solong pumapabor lamang sa Agumil Philippines, Inc at disbentaha sa kooperatiba. Bunga nito nagkaroon ng maraming hindi dinidinig na mga tawag sa bahagi ng mga

miyembo ng kooperatiba na humihiling ng agarang pag-amyenda sa nasabing kasunduan.

Ang mga miyembro at opisyal ng mga kooperatibang may ugnayan sa plantasyon ng palm oil ay nagrereklamo din sa kakulangan ng malinaw na transaksyon ng Agumil Philippines, Inc. at patungkol naman sa ulat pinansiyal ng kompanya, hindi ito ibinabahagi sa kanyang mga miyembro, gayundin, ang kulang na benepisyong nakukuha mula sa kompanya at kahirapang kopyahin ang kanilang obligasyon sa pagbabayad.

Ang mga manggagawa sa plantasyon na binubuo ng mga migrante at mga katutubo ay nagrereklamo sa hindi magandang patakaran ng pagpapatrabaho, atrasadong pagsweldo, hindi tamang pagkwenta sa araw na pinagtrabahuan at walang anumang benepisyo o kahit anung paseguro para sa manggagawa.

Kaugnay sa mga nabanggit, ay hinihiling namin sa Pamahalaang Panlalawigan na pansamantalang ipatigil muna ang pagpapalawak ng oil palm habang di nareresolba ang mga sumusunod:

- Ang lahat ng akusasyon at ebidensiya laban sa Agumil Philippines, Inc. at iba pang kaugnay nitong negosyo na may kinalaman sa pagpapalawak ng oil palm ay masusing matasa at maiproseso sa pamamagitan ng mga legal at maka-hustisyang pamamaraan;
- Kung meron ng kapanipaniwala at siyentipikong datos gaya ng sosyal, pangkultura, ekonomiko at pangkapaligirang pag-aaral ay matanto ang totoong pakinabang mula sa oil palm at maikumpara ito sa mga kasiraang dulot nito sa buhay at kapaligiran at matimbang-timbang ito at baka kailangan pang magkaroon ng karagdagang pag-iimbestiga at pananaliksik upang tunay na maunawaan ang tunay na epekto nito;
- Isang seryosong pagbabalik-aral at gawan ng mapang topograpiya ang mga kasalukuyan plantasyon at sa mga nagbabalak nito upang matasa ang kanilang katayuang ekolohikal at maayos ang pagsakop nila sa mga lupaing pinangangalagaan at kinokonseba ng mga katutubo gayundin, ang pagsakop nila sa mga lugar na ipinagbabawal ayon sa ECAN gaya ng timberland at iba pa.

AGARANG IPATIGIL ANG PAGTATANIM AT PAG-UDYOK NG OIL PALMS SA MGA LUGAR NA NAPATUNAYAN NG BAHAGI NG TIMBERLAND, LUPAING NINUNO, 'CORE' AND 'RESTRICTED' ECAN ZONES, NANG SA GAYON AY MAIPAGPATULOY SA PAGESUGPO SA MGA KASALUKUYANG PLANTASYON NG OIL PALM AT SA HALIP AY IBALIK SA DATING YABONG NITO SA PAMAMAGITAN NG PAGTATANIM NG MGA PUNONG KATUTUBO SA LUGAR.